Tseklist para sa karahasan sa pamilya at tahanan

Kung ikaw ay nag-aalala tungkol sa kaligtasan mo o ng iyong pamilya, makakatulong kami. Narito ang ilang bagay na dapat tandaan kung makikipag-ugnay ka sa Child Support, Centrelink o Medicare.

1. May access ka ba sa mga personal na pagkakakilanlang dokumento?

Maaaring humiling kami ng mga personal na pagkakakilanlang dokumento para sa iyo at sa iyong mga anak. Maaari itong kabilangan ng mga dokumentong gaya ng mga ito:

- lisensya sa pagmamaneho
- sertipiko ng kapanganakan
- mga detalye ng visa
- pasaporte.

Kung wala kang access sa mga ito, matutulungan ka pa rin namin. Makipag-ugnay sa amin at tutulong kami sa iyo na humanap ng ibang mga opsyon.

2. Alam mo ba kung anu-anong mga kabayaran ang maaari mong makuha?

Gamitin ang aming Payment Service Finder upang makita kung anu-anong mga kabayaran at serbisyo ang maaari mong makuha.

Magagamit mo rin ito upang humanap ng mga serbisyong malapit sa iyo. Piliin ang estado o teritoryo, pagkatapos ay piliin ang karahasan sa pamilya at tahanan. Pumunta sa **servicesaustralia.gov.au/paymentfinder** para sa karagdagang impormasyon na nasa wikang Tagalog.

3. May nakikipag-ayusan ba sa amin sa ngalan mo?

Matutulungan ka naming wakasan ang isang kaayusan kung may ibang tao na:

- may pahintulot na makipag-ayusan sa Centrelink, Medicare o Child Support sa ngalan mo
- kumukuha o gumagamit ng iyong kabayaran mula sa Centrelink.

Aabisuhan ka namin kung kailangan naming sabihin sa kabilang partido ang tungkol sa pagbabago.

4. Ikaw ba o ang iyong mga anak ay mayroong My Health Record?

Ang iyo o sa iyong anak na My Health Record ay makapagtataglay ng pangkontak na impormasyon gaya ng iyong tirahan.

Kung ito ay maglalagay ng iyong pamilya sa panganib, tawagan ang My Health Record Help Line sa **1800 723 471** at piliin ang **opsyon 1**.

5. Mayroon ka bang anumang mga pangangailangang dapat mong matugunan upang makuha ang iyong kabayaran mula sa Centrelink?

Maaaring kailangan mong matugunan ang mga pangangailangang paglahok o pinagkasunduang obligasyon (mutual obligation) upang makakuha ng kabayaran mula sa Centrelink.

Makipag-usap sa amin, o sa iyong provider (tagapagbigay ng serbisyo), kung ikaw ay hindi:

- makadadalo sa isang appointment
- makatutugon sa iyong mga pangangailangang paglahok o pinagkasunduang obligasyon.

6. Nai-update mo na ba sa amin ang iyong personal na mga detalye?

Bilang bahagi ng iyong ligtas na pagpaplano, mag-update ng iyong personal na mga detalye sa Child Support, Centrelink at Medicare. Ito ay maaaring isang bagong address sa koreo o numero ng telepono.

Ito ay upang tiyakin lamang na tatanggap ka ng mga kabayaran at mga liham mula sa amin.

7. Kailangan mo bang baguhin ang alinman sa iyong mga password?

Kung may ibang tao na nakakagamit sa iyong mga online o myGov na account, maaari mong baguhin ang iyong mga password sa anumang oras.

Kung ikaw ay nag-aalala tungkol sa seguridad ng iyong mga rekord, ipaalam sa amin. Halimbawa, kung sa palagay mo ay may gumamit ng iyong myGov account, tawagan ang myGov help desk sa **132 307** para sa tulong na nasa wikangTagalog.

8. Kailangan mo bang ilipat ka sa ibang Medicare card?

Maaari kang ilipat sa isang bagong Medicare card kung hindi ligtas na manatili ka sa dating card.

Upang maisagawa ito, tawagan ang Medicare sa **132 011** at sabihin sa amin sa Tagalog kung ano ang gusto mong gawin. Ituturo ka namin sa susunod na hakbang.

9. Ligtas ba ang paggamit mo sa isang account sa bangko na nasa sarili mong pangalan?

Bilang bahagi ng iyong ligtas na pagpaplano, maaari kang magkaroon ng ligtas na paggamit sa isang account sa bangko sa sarili mong pangalan lamang.

Kung gusto mo na ipadala namin ang iyong mga kabayaran sa account na iyon, kailangan mong baguhin ang mga detalye ng iyong account sa bangko. Tandaan, kailangang mong gawin ito nang isa-isa para sa Centrelink, Medicare at Child Support.

10. Kailangan mo ba ng tulong upang maunawaan ang aming impormasyon?

Kung kailangan mo ng tulong upang maunawaan ang impormasyon tungkol sa aming mga kabayaran at mga serbisyo, may mga mapagpipilian. Halimbawa, makakatulong kami kung:

- ikaw ay may pinsala sa pandinig o pananalita
- kailangan mong makipag-usap sa isang tao gamit ang iyong wika
- ikaw o ang isang tao na inaalagaan mo ay may kapansanan, karamdaman o pinsala.

Upang makipag-usap sa amin sa iyong wika, tumawag sa:

- **131 202** tungkol sa mga kabayaran mula sa Centrelink at mga serbisyo
- Sa Translating and Interpreting Service (TIS National) sa **131 450** tungkol sa Medicare o Child Support na mga kabayaran at mga serbisyo.

Pumunta sa **servicesaustralia.gov.au/accessibility** para sa karagdagang impormasyon na nasa wikang Tagalog.

Makakakita ka rin ng impormasyon sa iyong wika sa **servicesaustralia.gov.au/yourlanguage**

11. May kasalukuyan ka bang kaso sa child support o kailangan mo bang mag-aplay para sa child support para sa iyong Family Tax Benefit?

Tawagan ang Child Support **131 272** para sa impormasyon na nasa wikang Tagalog kung ikaw ay nag-aalala tungkol sa:

- paghiling ng child support mula sa dati mong partner
- pagkontak namin sa dati mong partner.

12. Kailangan mo bang makipag-usap sa amin tungkol sa iba pang bagay?

Maaari kang makipag-usap sa amin kung ikaw ay may mga tanong tungkol sa:

- Mga kabayaran mula sa Centrelink o utang
- Mga kabayaran sa Medicare o mga proseso
- Mga pagtasa sa Child Support o utang
- Seguridad ng mga rekord mo sa Child Support, Centrelink o Medicare.

Pumunta sa **servicesaustralia.gov.au/contactus** para sa karagdagang impormasyon na nasa wikang Tagalog.

13. Saan ako makakakita ng iba pang serbisyong pangsuporta at mga kagamitan?

Ang aming mga social worker ay nagbibigay ng libre, kompidensyal na pagpapayo. Maaari ka nilang isangguni sa iba pang serbisyo na maaaring makatulong. Tumawag sa aming Employment Services sa **132 850** at hilinging makipag-usap sa isang social worker. Sabihin mo sa amin kung kailangan mo ng interpreter. Magsasaayos kami nito nang libre.

May iba pang mga organisasyon na makakatulong sa iyo. Makikita mo ang listahan na nasa wikang Tagalog sa **servicesaustralia.gov.au/domesticviolence**

Ang **1800RESPECT (1800 737 732)** ay may 24 na oras, 7 araw isang linggo na helpline at magagamit na ‘Find services in your area’

Ang Ask Izzy ay isang direktoryo na tutulong sa iyo na makahanap ng mga serbisyo sa inyong pook. Pumunta sa **askizzy.org.au**

Family and domestic violence checklist

If you are concerned about your or your family's safety, we can help. Here are some things to keep in mind if you contact Child Support, Centrelink or Medicare.

1. Do you have access to personal identity documents?

We may ask for personal identity documents for you and your children. This could include documents like these:

- driver licence
- birth certificate
- visa details
- passport.

If you do not have access to them, we can still help you. Contact us and we will work with you to find other options.

2. Do you know what payments you can get?

Use our Payment and Service Finder to see what payments and services you may be able to get.

You can also use it to find services near you. Select your state or territory, then family and domestic violence. Go to **servicesaustralia.gov.au/paymentfinder** for more information in English.

3. Does someone else deal with us on your behalf?

We can help you end an arrangement if someone else:

- has permission to deal with Centrelink, Medicare or Child Support on your behalf
- is getting and using your Centrelink payment.

We will let you know if we need to tell the other party about the change.

4. Do you or your children have a My Health Record?

Your or your child's My Health Record can contain contact information such as your address.

If this could put your family at risk, call the My Health Record Help line on **1800 723 471** and select **option 1**.

5. Do you have any requirements you need to meet to get your Centrelink payment?

You may need to meet participation or mutual obligation requirements to get a Centrelink payment.

Talk to us, or your provider, if you cannot:

- attend an appointment
- meet your participation or mutual obligation requirements.

6. Have you updated your personal details with us?

As part of your safety planning, update your personal details with Child Support, Centrelink and Medicare. This could be a new postal address or phone number.

This is to make sure only you get payments and correspondence from us.

7. Do you need to change any of your passwords?

If someone else has access to your online or myGov accounts, you can change your passwords at any time.

If you are concerned about the security of your records, let us know. For example, if you think someone has accessed your myGov account, call the myGov help desk on **132 307** for help in English**.**

8. Do you need to transfer yourself to another Medicare card?

You can transfer to a new Medicare card if it is unsafe to remain on a previous card.

To do this, call Medicare on **132 011** and tell us what you want to do in English. We will direct you to the next step.

9. Do you have secure access to a bank account in your own name?

As part of your safety planning, you may have secure access to a bank account in your name only.

If you would like us to send your payments to that account, you will need to change your bank account details. Remember, you will need to do this separately for Centrelink, Medicare and Child Support.

10. Do you need help to understand our information?

If you need help to understand information about our payments and services, there are options available. For example, we can help if:

- you have a hearing or speech impairment
- you need to talk to someone in your language
- you or someone in your care have a disability, illness or injury.

To speak to us in your language, call:

- **131 202** about Centrelink payments and services
- the Translating and Interpreting Service (TIS National) on **131 450** about Medicare or Child Support payments and services.

Go to **servicesaustralia.gov.au/accessibility** for more information in English.

You can also find information in your language at **servicesaustralia.gov.au/yourlanguage**

11. Do you have a current child support case or need to apply for child support for your Family Tax Benefit?

Call Child Support on **131 272** for information in English if you are concerned about:

- seeking child support from your ex-partner
- us contacting your ex-partner.

12. Is there other business you need to talk to us about?

You can talk to us if you have questions about:

- Centrelink payments or debt
- Medicare payments or processes
- Child Support assessments or debt
- the security of your Child Support, Centrelink or Medicare records.

Go to **servicesaustralia.gov.au/contactus** for more information in English.

13. Where can I find other support services and tools?

Our social workers provide free, confidential counselling. They can refer you to other services that might help. Call our Employment Services line on **132 850** and ask to speak to a social worker. Let us know if you need an interpreter. We will arrange one for free.

There are other organisations to help you. You can find a list in English at **servicesaustralia.gov.au/domesticviolence**

1800RESPECT (1800 737 732) has a 24 hour, 7 day a week helpline and ‘Find services in your area’ function.

Ask Izzy is a directory to help you find services in your area. Go to **askizzy.org.au**